



## **Panahon na Upang Makinig ang Tesla**

*Ni Jose Moran, Empleyado ng Tesla*

Ipinagmamalaki kong maging bahagi ng isang kumpanya na naghahatid ng mga electronic cars para sa lahat. Apat na taon na akong nagtrabaho bilang production worker sa Fremont plant. Naniniwala ako na ang Tesla ay isa sa pinakamodernong kumpanya sa buong daigdig. Gusto naming maging number one and kotseng ginagawa namin sa buong mundo. Kaya lang, madalas kong nararamdaman na kahit moderno ang Tesla, ang mga standards nito para sa aming mga manggagawa ay makaluma.

Marami sa amin ay nagtrabaho ng 40+ oras sa isang linggo, kasama pa ang sobra-sobrang mandatory overtime. Ang mahirap at manu-manong trabaho na ginagawa namin para magtagumpay ang Tesla ay nagdadala ng injury sa aming katawan.

Madalas, ang mga injury ay pwedeng maiwasan. Bukod sa sobrang overtime, may mga makinarya na hindi ergonomic. Dahil dito lalong humihirap ang trabaho. Kung tatanggapin lamang nila ang input ng mga manggagawa, mapapasimple ang trabaho. Pagsama-samahin na ang problema sa ergonomics, kakulangan ng tao at ang walang tigil na pagtutulak upang makuha ang mga production goal, talagang may mga injuries na magaganap.

Ilang buwang nakaraan, six out of eight na katrabaho ko sa aking workteam ang sabay-sabay na nag work leave dahil sa mga work-related injuries. Ang balita, mas malala pa ang mga injury sa ibang department. At ang pinakamasama sa lahat, ilan ang nagsasabing ayaw nila magreklamo dahil natatakot silang tawaging reklamador o bad worker.

Karamihan ng mga nagsasabing pagod na sila sa mahahabang oras ay nakadepende sa overtime para lang mabuhay. Ang cost of living sa Bay Area ay isa sa pinakamataas sa Amerika, pero ang bayad sa Tesla ay isa sa pinakamababa sa automotive industry.

Karamihan ng production workers sa Tesla ay kumikita ng \$17 hanggang \$21 hourly. Ang karaniwanag automotive worker sa Amerika ay kumikita ng \$25.58, at nakatira sa mga lugar na di kasing mahal ng Bay Area.

Ang living wage sa county ng Alameda, kung saan kami nagtatrabaho, ay higit sa \$28 kada oras para sa isang adult na may isang anak (dalawa ang anak ko). Marami sa aking mga katrabaho ay bumibiyaha nang isa o dalawang oras para makarating sa planta at makauwi (pagkatapos magtrabaho ng mahahabang oras) dahil hindi nila kayang tumira sa lugar na mas malapit sa planta.

Nakakapagod magtrabaho ng 60-70 oras kada linggo sa loob ng apat na taon, pero dahil sa pagod at oras na ibinigay ko sa Tesla, may loyalty ako sa kumpanya. Gusto kong

magtagumpay ang Tesla. Sinakripisyo ko ang oras ko sa aking pamilya para umunlad ang Tesla. Naniniwala ako sa vision ng kumpanya. Gusto ko ito maging mas mabuting kumpanya.

Sa tingin ko, naniniwala din ang management na pwede pang mag-improve ang mga pamamalakad sa planta, pero hanggang ngayon hindi pa rin pinapakinggan ang mga empleyado. Sa laki ng ating kumpanya, hindi sapat na solusyon ang isang “open-door policy.” Kailangan natin ng mas mahusay na organization sa planta, at marami kaming mga manggagawang naniniwala na ang pagbuo ng unyon ang solusyon.

Marami sa amin ang naguusap tungkol sa pagbuo ng unyon. Humingi kami ng suporta sa United Auto Workers. Matapos nito, kumilos ang kumpanya at tinaasan ang employees’ base pay. Napakatagal na noong huling nagbigay ng raise ang Tesla.

Pero kasabay nito, natatakot magsalita ang mga empleyado dahil sa mga kilos ng management. Kamakailan, rinequire ang mga empleyado na pumirma na isang confidentiality agreement na nagbabanta ng parusa pag kami ay nagsalita tungkol sa aming kita at working condition. Mabuti na lang at limang myembro ng California State Assembly ang sumulat sa Tesla, at kwinestyon nila ang nasabing polisiya, at hiniling na bawiin ang nasabing confidentiality agreement.

Natutuwa ako na may tumutulong at naninindigan para sa mga empleyado ng Tesla, pero kailangan din naming tumindig para sa aming sarili. Bukod sa sweldo, may mga mas malalim na isyu, tulad ng Injuries, mababang morale, mga promotion sa hindi makatarungan, mabilis na pagpapalit ng empleyado, at iba pang mga problema na di lamang nakakasama sa mga empleyado—nakakasama din ito sa kumpanya, dahil apektado ang quality at bilis ng production.

Hindi maaayos ang mga problema kung walang boses ang mga manggagawa at kung hindi sinasali sa proseso at usapan.

Hindi na startup company ang Tesla. Magtatagal ang kumpanyang ito. Handa kaming mga manggagawa na tumulong gawing mas matagumpay ang Tesla, at gawin itong mas mabuting workplace. Kilala at ginagalang ang aming CEO Elon Musk bilang kampeon ng green energy at innovation. Sana maging kampeon di siya para sa kanyang mga empleyado. Dumadami na kaming mga manggagawa na nagsasalita. Sana maging umpisa ito ng pag-uusap para sa isang fair future para sa lahat ng empleyado ng Tesla.